



# Dennis Andrew Aguinaldo

Masayang nagtuturo ng sining at panitikan si **Dennis Andrew S. Aguinaldo** para sa Departamento ng Humanidades, CAS, UP Los Baños. Sa Los Baños din naninirahan kapiling ng mag-anak, bagama't pinalaki sa Makati ng mga magulang na tubong Rizal. Nagawaran siya ng digring Masterado sa Araling Pilipino ng Asian Center ng UP Diliman. Kinolekta sa aklat na *Shift of Eyes* ang kaniyang mga maikling kuwento, habang matatagpuan sa *Bukod sa maliliit na hayop*, at *Alamat ng Sepia* ang kaniya namang mga tula.

## *Disimpeksiyon*

Pinag-agawan ang time slot ng mga department:
Sino ang gagamit sa operating room?
Pagalingan ng diskarte ang mga chief nurse

Sa silid na alaga nila sa suob at U.V.
Habang balót sa tela ang bisturi,
Gunting, at iba pang instrumento
Upang lutuin sa autoclave,
Oras-oras at araw-araw,
Hanggang lumutong ang tela.

"Lumayas kayo sa OR" / "Sasabog ang ospital!"
Depende kung hepe ang dumikta o ang kanyang A.I.

Pahirapang makakuha ng malinis na tubig
Para sa tiyan at sugat—
Sa lagablab pa kaya ibubuhos ang mga patak?

(Sa Ingles, "teatro," kapwa ang digma at ang silid.
Bomba ang kaliwa nilang kamay,
Ayuda ang kanan.)
Balót sa asul na tarp ang mga katawan.

Samantala, patuloy ang autoclave
Dahil wala nang huhugot sa pagkakasaksak.
Isang sisidlan ng apoy sa puso ng apoy
sa lupain ng apoy. Hanggang ngayon,

Naroon pa ang autoclave, niluluto
Maging ang kaluluwa ng bulak.

## *Montagne de Bueren*

Maraming-maraming hakbang
Ang nagpataas nang husto sa hagdanan.
Gamit na gamit ito
At gitnang-gitna
Lalo nitong pininturahan ng watawat,

Sagisag ng lupaing winakwak
Ng mga ganid,
Kay hihilig sa dugo.
(May parehas na hagdang de kulay sa Paris,
Watawat na nakatitikim
Ng sari-saring dumi at suelas,

Sagisag ng lupaing pinipisat
Ng tangke at puting posporo.)
Ngunit buo ang hagdan
At ngayo'y makulay: Luntian,
Puti, pula, at itim.
Silang mga kulay ng lupaing inaabo,
mga bahay na pinapatag
Upang walang ano mang harang
Sa taginting ng buwan

Para sa kanilang wala nang naiwang landas
Kundi ang pumaimbulog sa pinakaitaas.

## *Banderitas*

Pula at puti,
itim at berde.
Pinili nilang isabit
ang mga kulay ng pakwan—
katas ng malayong pagdurusa

—para sa kanilang pista.
Naaalala kayo. May nakikiisa.
Pinakunan ang banderitas
mula sa ibabaw gamit ang drone

('yung mabait na tipo, kakampi).
Mawalang-galang, pero sa litrato,
mukhang niratrat ng mga riple
ang dambuhalang blusa.

Mula sa ibaba, sa kalsada,
marami ring kumuha paitaas
–masasayang lente, mga kakampi.

Patawad. Kanino mang anggulo,
Mukhang pinauran ng mga bala
Ang mapanakop na langit.

## *Bloke*

Maingay ang trabaho sa labas
maingay ang trabaho sa loob
ngayon-ngayon lang din ako nilubayan
at sumagi sa aking isip ang sumuko

hindi ko dinig ang malalayong bomba
kung saan hindi dinig ng babae
ang mag-ama na magdadalawang araw na
sa ilalim ng guho

tulog na rito ang anak
na mahilig sa lego at hindi tahimik
sa pagbuo man o sa pagkalas
naiwan ang mga piraso

sa kama at kumakagat sa gulugod
ngunit nagpatalo ako sa antok
tatanggalin ko na lang sa umaga
kung hindi pa sanay sa nakabaon.

## *Tolda*

Inaamag ang luwad
sa balumbon ng damit

sa ilalim ng bagsak na tolda     Daigdig
na tumanggap sa pambabaligtad

sa paglikha
Luwad na inaamag

sa pagitan ng mga daliri
sa balumbon ng damit.